Isang petisyon para sa mga Opispo sa Canada

"*Ang pagkontraseptibo ay dapat hatulan sa tamang layunin, ito ay di naayon sa batas, di kailanman, sa ano mang katuwiran, ay makatarungan. Ang pag-isip man o pagsalita laban dito ay katumbas na sa pagpapanatili ng buhay ng tao, sa mga situwasyong magaganap na para na ring makatarungang hindi kilalanin na ang Diyos ay Diyos*".(Santo Papa John Paul, naahon sa 'Osservatore Romano, Oktubre 10, 1983)

Sa Inyong mga Ekselensiya at mga Monsinyor,

Hindi na po lingid sa inyong kaalaman, na ang kaisipang pagkokontraseptibo ay laganap sa buong simbahang Katoliko sa Canada. Halos lahat ng mga Katoliko na nasa hustong gulang sa panganganak ay nagkokontrol sa panganganak sa pamamagitan ng sterilisasyon o kontraseptibo. Ang bilang ng panganganak ay mabilis na pabagsak na. Ang pagbagsak ng Simbahan ay may katiyakan kung mananaig ang paggamit ng kontraseptibo. Ito ay tutoong nasabi na ang " Ang ating pinakamalaking pananagutang pangmoralidad ay ang baguhin ang kaisipan sa pagkokontraseptibo".

Ang pagkokontraseptibo ay siyang ugat na nagbunga ng mga kasamaang pang-espiritual gaya ng pagpapalaglag, pagtataksil, paghihiwalay ng mga mag-asawa, pagtatalik bago ikasal, pagtanggap sa mga gawaing homosekswal, pagsang-ayon sa " kasalan" ng mga parehong kasarian at ang katiwalian sa politika at ng mga mamamahayag. Ito ang kinahihinatnan kung, sa pangmalawakang antas, ang pagtatalik ay napapalihis sa layuning pagbibigay buhay ay sadyang pagpaparaus ng kamunduhan.

At dahil ang moral at sakunang panglipunan ay hindi mangyayari sa isang basyo lamang na hindi sangkot ang Simbahan, dapat kilalanin na, sa Canada, ang kaisipang kontraseptibo ay pinapagyaman ng Pahayag ng Winnipeg ng mga Opispo sa Canada na inilathala noong Septyembre 27, 1968. Sa pahayag na iyon, ang mga Katoliko ay napagsabihan na sa ilang mga pangyayari, ang mag-asawa'y "maaring tiyaking, na sinumang mamili sa paraang iyan (i.e. kontraseptibo) ay gumawa sa maaring tama sa kanya at iyon ay naayon sa kanyang konsensya" (26). Ang kaalamang ito ay hindi naayon sa pagmamahal, katarungan at ang katotohanan. Ito ay laban sa mga matimtimang kaalaman na itinuturo ng Simbahan na ang pagkokontraseptibo ay isang likas na kasamaan na walang pakundangan (Humanae Vitae, 14). Hindi na mabilang ang mga Katolikong tinukuy ang Pahayag ng Winnepeg upang bigyang tuwid ang kanilang paggamit ng kontraseptibo.

Upang maibalik sa Canada ang katotohanan ukol sa kahalagahan ng buhay at pagmamahal, aming hinihiling na ang Pahayag sa Winnipeg ay inyong pawalang saysay, kayo na aming mga espirituwal na tagapagalaga. Aming hinihiling na lahat ng paghahanda ng mga ikakasal, lahat ng aklat at pagtuturo ng katekismo, mga pangangaral at mga payong pangkumpisal ay dapat naayon sa Humanae Vitae, na ibinigay sa atin ayon sa kapangyarihan ni Kristo (HV, 6) Ang aksiyong ito ng pambansang pamunuan ay di bukod tangi. Noong 1990, ang mga Obispo sa Pilipinas ay nagpalabas ng isang liham na pastoral na humingi ng paumanhin dahil sa kanilang kakulangan upang itaguyod ang Simbahan sa pagtuturo tungkol sa pagkokontraseptibo. Sinabi nila: "Napabayaan naming kayo sa inyong

kalituhan at mga pangsariling konsensya na ang aming mababaw na katuwiran: ‘sundin kung ano ang sinasabi ng inyong mga konsensya’. Hindi namin akalain na ang aming mga konsensya pala ang dapat unahin at bigyang tuon”.

Sa Estados Unidos, ang Pagpupulong ng mga Obispo sa E.U. noong Nobyembre, 2003, ay nagpasya sa pamamagitan ng pagboto na magpalabas ng isang matinding pamamahayag na nagpapaliwanag kung bakit mali ang pagkokontraseptibo. Ito ay malawakang ipamamahagi sa mga parokya at itinuturo sa mga matataas ng paaralan at mga kolehiyo. Si Obispo Gregory, Pangulo ng American Bishop’s Conference ang nagsabi: “Sa maraming aspeto, hindi namin nasabi ng buong linaw, ng buong kakayahan, sa buong kalimitan. Kung meron man, ang mga hakbang na ating tinatahak ngayon ay kinakailangan at, subalit marami pa rin ang magsasabing, huli na.”

Habang ang mga lumagda nito na masigasig na nagpetisyon upang bawiin ang Pahayag ng Winnipeg, amin pong tinitiyak sa inyo, aming mga Obispo, ang aming matimtimang pananalangin.Bagama’t buong katiyakan ang aming pagsunod at katapatan, ang aming mga pakiusap at kahilingan sa pagbawi ay patuloy taun-taon, kung kinailangan, hanggang sa bawiin ang Pahayag na ito ng mga Obispo ng Canada. At ang aming kilusan, dahil sa itinatag sa ilalim ng banal na kautusan ng pag-ibig at pananampalataya, ay lalong titibay. Balang araw ang pahayag ng Winnipeg ay babagsak.Bagaman ang katapusan nito ay hindi maiwasan, aming ipagdarasal na ang pagbawi nito sana ay kaagad at hindi na ipagpaliban pa.

Sana po pagpalain kayo ng Diyos, gabayan po kayo ng Espiritu Santo at mamagitan para sa inyo si Birhen Maria sa inyong misyong apostoliko.

The Rosarium P.O. Box 11400, Station H Ottawa, Ontario, Canada K2H 7V1
| www.therosarium.ca | retract@therosarium.ca |

Pangalan	Tirahan	Lungsod / Probinsiya / PC